Sa unang pagkakataon, isa sa ating mga European meetings ay ginaganap sa Berlin. Ang Berlin ay isang lungsod na kilala sa isang malawakang pagkakaiba-iba, isang lungsod na nakatuon sa hinaharap ngunit sinusubukan ding isama ang alaala ng isang mapait na nakaraan, isang lungsod na ang populasyon ay nagpapakitang hindi ito patitinag sa mga mahihirap na sitwasyon.

Habang isang minorya, ang mga Kristiyano roon ay nagsisikap na isabuhay ang Ebanghelyo. Bilang kasapi sa iba't-ibang mga denominasyon, ang kanilang sama-samang pagsaksi at ekumenikong pakikilahok ay hindi isang opsyon ngunit isang malubhang pangangailangan. Maraming mga parokya at mga kongregasyon ay mga lugar ng pakikiisang pantao kung saan ang mga mahihirap ay tinatanggap.

# Liham mula Taizé

blg. 274, Natatanging Edisyon (Filipino)

Naganap noong 1955 ang unang pagdalaw ng isang Taizé brother sa Berlin. Nang itayo ang Berlin wall nong 1961, hinati ang lungsod sa dalawa, dinamihan ng mga brothers ang kanilang pagdalaw sa Silangang Berlin. Maraming mga *prayer groups* ang nabuo doon noong 1980's. Nagpunta roon si Brother Roger noong 1986 para sa isang antas ng "pilgrimage of trust." Kailangan noong humingi sa Komunistang awtoridad ng pahintulot upang magdiwang ng isang *prayer service*, na naganap nang sabay sa dalawang malaking simbahan, Katoliko at Protestante, at nagtipon ng 6,000 kabataan mula sa Silangang Alemanya. Ipinagkaloob ang pahintulot sa kondisyong walang lalahok mula sa Kanluran.

Tapos na ang gayong kapanahunan at ang Berlin ay isang simbolo para sa lahat sa buong mundo na nagsisikap na igpawan ang mga pader ng paghihiwalay upang ikalat ang pagtitiwala.

**LIHAM 2012**

# Tungo sa isang Bagong Pakikiisa

Upang ang isang bagong pakikiisa sa mga tao ay bumukal sa lahat ng antas--sa mga mag-anak, mga pamayanan, mga bayan at nayon, sa pagitan ng mga bansa at kontinente--kailangan ang mga matapang na pagpapasiya.[1]

Alam ang mga panganib at mga paghihirap na nagpapabigat sa sangkatauhan at sa daigidg, hindi natin ninanais na bumigay sa takot at pagsuko.[2]

At gayunpaman ang isang pinong pag-asang makatao ay palaging pinagbabantaan ng kabiguan. Ang mga paghihirap pang-ekonomiya na lumalabis ang kabigatan, ang minsa'y nakalilipos na kasalimuotan ng mga lipunan, at ang kawalan ng magagawa sa mukha ng mga natural na kalamidad ay lahat humihilig upang sugpuin ang mga sariwang usbong ng pag-asa.[3]

Upang lumikha ng mga bagong anyo ng pakikiisa, maaari kayang dumating na ang panahon na gumawa ng mas malaking pagsisikap upang alisan ng takip ang mga bukal ng pagtitiwala?

Walang tao, walang lipunan ang kayang mabuhay nang walang pagtitiwala.

Kapag ang pagtitiwala ay pinagkanulo, ang mga sugat nito ay nag-iiwan ng mga bakas na palalim.

Ang pagtitiwala ay hindi bulag na pagkamapaniwalain; hindi ito salitang madali. Ito ay resulta ng isang pagpili, bunga ng isang pakikibaka sa kalooban. Bawat araw tayo ay tinatawag na muling tumungo mula sa pangangamba patungo sa pagtitiwala.

## PAGTITIWALA SA MGA TAO

Ang pagbubukas ng mga landas ng pagtitiwala ay tumutugon sa isang apurahang pangangailangan; bagamat padali nang padali ang komunikasyon, ang ating mga lipunang pantao ay nananatiling pitak-pitak at hati-hati.

Ang mga pader ay nariyan hindi lamang sa pagitan ng mga sambayanan at mga kontinente, ngunit pati rin malapit sa atin, at maging sa puso ng tao. Isipin ang mga paunang hatol sa pagitan ng iba't-ibang mga nasyonalidad. Isipin ang mga imigrante, napakalapit ngunit madalas ay napakalayo. Ang mga relihiyon ay mangmang pa rin sa isa't-isa, at ang mga Kristiyano mismo ay nahahati sa isang pulutong ng magkakaibang mga denominasyon.

[1] Bagaman palagiang kailangan ang pakikiisang pantao, kailangan ito laging pagpanibaguhin at papanariwain sa pamamagitan ng paghahayag sa mga panibagong paraan. Ngayon, at marahil hindi pa kailanman sa kasaysayan, kailangang-kailangan para sa mga mas nakababatang salinlahi na ihanda ang isang mas patas na bahaginan ng mga yaman ng mundo, isang mas marampat na pamamahagi ng kayamanan, sa pagitan ng mga kontinente at sa loob ng bawat bansa.

[2] Posible ang isang pampasigla patungo sa isang bagong pakikiisa. Ito ay napayayabong sa pamamagitan ng isang matibay na paniniwala na ang kasaysayan ng mundo ay hindi natukoy na dati pa. Alalahanin natin ang ilang mga halimbawang ito, bukod sa iba pa: matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, isang dakot ng mga politikal na pinuno, umaasa nang sukdulan, ay naniwala sa pagkakasundo, at matapang na sinimulang bumuo ng isang Europa na nasa pakikiisa; noong 1986 isinakatuparan ng isang mapayapang pah-aalsa ang isang malalim na pagbabago sa Pilipinas; inihanda, nang walang dahas, ng dakilang Polish na kilusang pang-madla "Solidarnosc" ang daan tungo sa kalayaan para sa ilang bansang Europeo; ang pagbagsak ng Berlin wall noong 1989 ay hindi maisip ilang taon bago ito nangyari; kasabay nito, tinahak ng mga bansang Latino Amerikano ang daan tungo sa demokrasya at inumpisahan ang isang hindi pa pinangarap na pag-unlad ng ekonomiya, mula sa kung saan ay inaasahang ang mga lubhang hikahos ay makapapakinabang nang walang pagkaantala; ang pagwawakas sa *apartheid* sa Timog Africa at ang nakabukang kamay ni Nelson Mandela ay humantong sa pagkakasundong lampas sa lahat ng pag-asa; mas kamakailan, nasaksihan natin ang wakas ng karahasang politikal sa Hilagang Ireland at sa mga bansang Basque.

[3] Nagbibigay ng mga tanong ang mga pagbabago ng ekonomiyang pandaigdig para sa atin. Nagbabago ang balanseng *geopolitical* ng kapangyarihan. Lumalago ang mga hindi pagkakapantay-pantay. Ang mga kaseguruhan ng kahapon ay napatunayang hindi na mapanghahawakan ngayon. Maaari kaya itong maging isang dahilan upang mas magnilay sa mga pagpili natin para sa ating buhay?

Ang kapayapaang pandaigdig ay nagsisimula sa ating mga puso.

Upang simulan ang pakikiisa, kailangan nating magtungo papunta sa iba, minsan nang walang laman ang mga kamay, nakikinig, sinusubukang unawain ang lalaki o babae na hindi nating kapareho mag-isip... at ang isang nakatigil na sitwasyon ay maari nang mabago.

Ating subukan at maging maasikaso sa mga pinakamahina, sa mga walang mahanap na trabaho... Ang ating pagka-maasikaso sa mga pinakamahirap ay maaaring maipahayag sa pamamagitan ng pakikilahok sa ilang paraan ng social action. Sa isang mas malalim na antas, ito ay isang pagtingin ng pagiging bukas sa lahat: yaon ding malalapit sa atin ay, sa isang banda, mga mahihirap na tao na kailangan tayo.[4]

Sa harap ng kahirapan at kawalan ng katarungan, ang ilan ay humahantong sa pag-aaklas o kaya ay natutukso ng walang layong karahasan. Hindi pwedeng maging daan ang karahasan para baguhin ang lipunan.[5] Ngunit kailangan nating makinig sa mga kabataang nagpapahayag ng kanilang pagkamuhi upang maabot ang mga batayang dahilan para rito.[6]

Ang pampasiglang tungo sa isang bagong pakikiisa ay napayayabong ng mga taimtimang pinanghahawakang paninindigan: ang pangangailangan para sa bahaginan ay isa rito.[7] Ito ay isang kinakailangan na maaaring magbuklod sa mga mananampalataya ng iba't-ibang relihiyon at maging sa mga mananampalataya at hindi mananampalataya.

## PAGTITIWALA SA DIYOS

Ang pakikiisa sa gitna ng mga tao ay maaaring makasumpong ng matatag na sandigan sa isang pagtukoy sa Diyos, subalit madalas na kine-kwestiyon ang pagtitiwala sa Diyos. Marami sa mga mananampalataya ang mayroong ganitong negatibong karanasan sa kanilang mga trabaho o paaralan, at minsan sa kanilang mga pamilya.

Mayroong maraming taong hindi kayang maniwala sa isang Diyos na minamahal sila sa isang personal na paraan. Mayroon ding marami na, taglay ang isang malalim na katapatan, nagtatanong ng ganito: paano ko malalaman kung mayroon akong pananampalataya?

Sa panahon ngayon, ang pananampalataya ay lumalabas bilang pakikipagsapalaran, ang pakikipagsapalaran ng pagtitiwala.

Ang pananampalataya ay hindi unang una sa lahat na pag-ayon sa mga katotohanan; ito ay isang ugnayan sa Diyos.[8] Tinatawag tayo nito patungo sa liwanag ng Diyos.

Malayo mula sa pagdulot ng pagka-alipin o pagpigil sa ating personal na pagkatupad,[9] ginagawa tayong malaya ng pananampalataya sa Diyos--malaya mula sa pangamba, malaya para sa isang buhay ng paglilingkod doon sa mga ipinagkakatiwala sa atin ng Diyos.[10]

Habang mas lumalago ang pagtitiwala sa Diyos, mas lumalawak ang ating mga puso upang palibutan ang lahat ng patungkol sa tao sa buong mundo, sa lahat ng kultura. Nakakaya rin ng ating mga puso na tanggapin ang mga agham at teknolohiya na makapagpapagaan ng pagdurusa at makapagpapaunlad sa mga lipunan.

---

[4] Hindi lamang tungkol sa buhay materyal ang kahirapan. Ito ay maaaring binubuo ng isang kawalan ng mga kaibigan, isang kawalan ng kakayahang tuklasin ang kahulugan ng buhay, kawalan ng paraang makalapit sa mga yamang tulad ng tula, musika, sining--lahat ng nagbubukas sa atin sa ganda ng sangnilikha.

[5] Noong 1989 sa Silangang Alemanya, sa bisperas ng pagbagsak ng Berlin wall, hiniling ng mga nag-organisa ng mga demonstrasyon sa kalye na ang bawat isa ay magdala ng kandilang may sindi. Kailangan ang isang kamay upang hawakan ang kandila, ang isa naman upang ipagsanggalang ito mula sa hangin, kaya naman walang libreng kamay para sa isang kilos ng karahasan.

[6] Sumulat sa akin ang mga kabataang Espanyol na kalahok sa kilusan ng mga *indignados* sa Madrid: "Kahit ano ay maaaring mangyari kung hindi bumuti ang sitwasyon. Maraming mga tao ang walang trabaho; nawawala sa kanila ang kanilang mga tahanan at ang kanilang mga pangunahing karapatang pantao. Napakaraming pagkalito at galit dahil sa isang hindi patas na sistemang legal, ekonomiko at panlipunan, isang huwad na demokrasya na hindi sinisiguro ang mga karapatan ng mga mamamayan, na nakasulat sa aming saligang batas, para sa maayos na pabahay at para sa kaganapang pisikal at mental... Nagtanong kayo kung ano ang maaaring gawin ng Taizé para sa amin. Ang aming sagot: maaari ninyong gawin ang inyo nang ginagawa, ipamalas sa amin paano panatilihin ang kapayapaang panloob. Kailangan namin ang inyong panalangin at ang lahat ng pagmamahal na ipinakita ninyo sa amin. Maaari rin kayong tumulong na magbahagi ng kaalaman sa ibang mga kabataang may parehong alalahanin tulad ng sa amin."

[7] Ang pag-unawa, halimbawa, na ang mga bansang Kanluranin ay hindi tinatawag masyado upang magbigay ng *humanitarian aid* sa Africa tulad ng upang tiyakin ang katarungan sa kontinenteng iyon. Ang parehong bagay ay totoo para sa iba pang mga bansa gaya ng Haiti; ang sambayanang Haitiano, na may matayog na dangal at gayong ka-totoong pananampalataya, ay isa sa mga pinaka-minaltrato at hiniya sa kasaysayan.

[8] Sa maraming pagkakataon, binigyang diin ni Papa Benedicto XVI na ang personal na ugnayan sa Diyos ang sandigan ng pananampalataya, halimbawa nang kanyang isulat: "Ang pagiging Kristiyano ay hindi resulta ng isang wastong pagpili o ng isang matayog na ideya, ngunit ang pakikitagpo sa isang kaganapan, isang persona, na nagbibigay sa buhay ng isang bagong katanawan at isang tiyak na patutunguhan." (Benedict XVI, *Deus caritas est*, Panimula, bilang 1)

[9] Patuloy na nangangailangan ang ating pananampalataya na linisan ng mga pagtudla at mga pangamba, minsan sa pamamagitan ng isang pakikibaka sa kalooban sa pagitan ng pag-aalinlangan at pagtitiwala. Nakikibahagi ang ating isip sa labang ito at hindi nasisiyahan sa simpleng pagkatuto sa pamamagitan ng pag-uulit o pagsasaulo. Kaya naman maraming mga kabataan ngayon ang hindi kontento na umayon sa mga tradisyong pansimbahan; upang ganyakin ang pagtitiwala ng pananalig, ang personal na pakikilahok at pagsang-ayon ay hindi maaaring mawala para sa kanila.

[10] Pagkomento sa mga salita ng apostol na si Pablo, "Malaya ako at di alipin ninuman; ngunit nagpaalipin ako sa lahat" (1 Corinto 9:19, MBB), sinulat ni Martin Luther: "Ang Kristiyano ay isang malayang tao, ang panginoon ng lahat ng bagay; hindi siya napapailalim kaninuman. Ang Kristiyano ay isang lingkod na puno ng pagkamasunurin; siya ay napapailalim sa lahat." (Luther, *Ang Kalayaan ng Isang Kristiyano*)

Tulad ng araw, masyadong nakasisilaw ang Diyos upang atin Siyang pagmasdan. Ngunit hinahayaan ni Hesus na magningning ang liwanag ng Diyos. Inaakay tayo ng buong Bibliya sa pagtitiwalang ito: ang lubusang pumapangibabaw na Diyos ay pumapasok sa ating kaganapang pantao at nakikipag-usap sa atin sa isang nauunawaang wika.

Ano ang katangi-tangi sa pananampalatayang Kristiyano? Ang persona ni Hesus, at isang buhay na ugnayan sa kanya. Hindi natin matatapos unawain ito.

## ANG KRISTO NG PAKIKIPAG-ISA

Lahat tayo ay mga peregrino, mga taga-hanap ng katotohanan. Ang pananalig kay Kristo ay hindi nangangahulugang pag-aangkin ng katotohanan, ngunit paghaya sa kanya, na siyang katotohanan, na tayo ay hawakan, at pagtungo sa ganap nitong pahayag.

Ang siyang kasalukuyan at laging mananatiling lubusan at kahanga-hangang bago ay ipinahayag ni Hesus ang liwanag ng Diyos sa pamamagitan ng isang payak na buhay. Ginawa pa rin siyang mas maka-tao ng buhay na maka-Diyos.[11] Sa pamamagitan ng ganap na pagpapahayag ng kanyang sarili sa kapayakan ng buhay ng tao, pinagpanibago ng Diyos ang kanyang pagtitiwala sa mga tao; pinaging-kaya niya tayong manalig sa sangkatauhan. At magmula noon, hindi na tayo maaaring mawalan ng pag-asa sa mundo man o sa ating mga sarili.

Sa pamamagitan ng pagtanggap ng isang marahas na kamatayan nang hindi tumutugon ng may dahas, dinala ni Hesus ang pagmamahal ng Diyos kung saan tanging pagkamuhi lamang ang mayroon.[12] Sa krus, inayawan niya ang "bahala na" at pagwawalang-kibo. Siya ay nagmahal hanggang sa kahuli-hulihan at, sa kabila ng walang saysay at hindi maunawaang katangian ng pagdurusa, patuloy siyang nagtiwala na ang Diyos ay higit kaysa kasamaan at hindi mapapasa-kamatayan ang huling salita. Sa paraang may kabalintunaan, ang paghihirap niya sa krus ang naging tanda ng kanyang walang hanggang pagmamahal.[13]

At siya'y muling binuhay ng Diyos mula sa mga patay. Si Kristo ay hindi lamang kabilang sa nakaraan; siya ay nariyan para sa atin sa bawat bagong araw. Ipinapahayag niya ang Espiritu Santo, na siyang nagpapagana sa ating mamuhay sa buhay mismo ng Diyos.

Ang sentro ng ating pananampalataya ay si Kristong muling nabuhay, naririto sa piling natin, na mayroong malalim na buklod ng pagmamahal sa bawat tao. Pagbaling ng ating mga mata sa kanya ay gumigising sa pagkamangha at isang mas malalim na pagunawa sa ating pag-iral.

Tuwing tumitingin tayo sa kanyang liwanag sa pananalangin, ito ay unti-unting naguumpisang suminag sa ating kalooban. Ang misteryo ni Kristo ay nagiging misteryo ng sarili nating buhay. Hindi man maiwawaksi ang ating mga salungatang panloob at ang ating mga pangamba. Subalit sa pamamagitan ng Espiritu Santo, si Kristo ay ganap na pumapasok sa mga bumabagabag sa atin tungkol sa ating mga sarili, kaya ang liwanag na iyon ay naikakalat sa mga madidilim na lugar sa atin.[14]

Inaakay tayo ng panalangin sa iisa at parehong pagkakataon patungo sa Diyos at patungo sa mundo.

Tulad ni Maria Magdalena na, noong umaga ng Muling Pagkabuhay, nakitang buhay si Kristo, tayo ay tinatawag na ipamahagi ang Mabuting Balitang ito sa iba.[15]

Ang bokasyon ng Simbahan ay ang tipunin sa kapayapaan ni Kristo ang mga kababaihan at kalalakihan at mga anak ng lahat ng mga wika, ng lahat ng mga bansa, sa sandaigdigan. Ang Simbahan ay ang tanda na nagsasabi ng katotohanan ang Ebanghelyo; ito ang Katawan ni Kristo, binubuhay ng Espiritu Santo. Pinaparito nito ang "Kristo ng pakikipag-isa".[16]

"Habang walang pagod ang Simbahan ay nakikinig,[17] nagpapagaling, at nakikipagkasundo, ito ay nagiging kung ano siya sa kanyang pinakamaliwanag--

---

[11] Hindi isang dakilang asetiko si Hesus. Gumawa siya ng mga himala, lalo na ang mga gawaing pagpapagaling, ngunit sa tiyakang sandali kung saan mapapatunayan na sana niya na siya ang siyang pinadala ng Diyos, sa krus, naroon ang katahimikan ng Diyos, isang katahimikang batid ng lahat ng mga nagdurusa at siyang sinang-ayunan niyang makabahagi. Mahirap para sa mga disipulo na unawaing si Hesus ay isang kawawang mesiyas. Marahil ay umasa silang babaguhin niya ang kundisyong panlipunan o pampulitika ng kapanahunan; hindi nila napagtanto na siya ay dumating una sa lahat upang lipulin ang kasamaan sa mga ugat nito.

[12] "Nang siya'y insultuhin, hindi siya gumanti. Nang siya'y pahirapan, hindi siya nagbanta; sa halip, ipinaubaya niya ang lahat sa Diyos na makatarungan kung humahatol." (1 Pedro 2:23, MBB)

[13] Kapag nahaharap ng di-maunawaang paghihirap ng walang-sala madalas tayong nawawala. At dumarapo sa ating mga puso ang tanong, ang sigaw na umaalingawngaw sa kasaysayan ng sangkatauhan: nasaan ang Diyos? Wala tayong mga handang sagot, subalit maaari nating ihabilin ang ating mga sarili kay Kristo na lumupig sa kamatayan at kasama natin sa ating paghihirap.

[14] Panalangin, ang pagbubulay-bulay ng liwanag ng Diyos, ay pakikinig din. Sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan nauunawaan natin na ang Diyos ang siyang nakikipag-usap sa atin at siyang minsan ay nag-uusisa sa atin. At paminsan, si Kristo para sa atin ay ang taong hikahos na nais mahalin at siyang nagsasabi sa atin, "Nakatayo ako at kumakatok sa pintuan." (Pahayag 3:20, MBB)

[15] Tingnan ang Juan 20:11-18.

[16] Ang "Kristo ng pakikipag-isa" ay isang kasabihan ni Brother Roger. Sa parehong paraan, isang teologo mula Berlin, si Dietrich Bonhoeffer, noong siya ay napakabata, 21 taong gulang, ay lumikha sa kasabihang "Kristong umiiral bilang sambayanan." Sinulat niya na "sa pamamagitan ni Kristo, ang sangkatauhan ay tunay na isinama sa pakikipag-isa sa Diyos." (Bonhoeffer, *Sanctorum communio*)

[17] Saanman sa Simbahan, isang ministeryo ng pakikinig ang maaaring isagawa ng mga lalaki at babae na maglalaan ng kanilang mga sarili dito. May mga laiko na kayang isagawa ang gayong pakikinig, na siyang kapupunan doon sa ministeryong inordenan.

isang pakikipag-isa ng pagmamahal, ng pagmamalasakit, ng pagbibigay-aliw, isang malinaw na larawan ni Kristong muling nabuhay. Hindi kailanman malayo, hindi kailanman nasa pananggalang, malaya mula sa anumang anyo ng kabagsikan, maaaring hayaan ng Simbahan ang mapagkumbabang pagtitiwala ng pananampalataya na kuminang doon mismo sa ating mga puso."[18]

## NAGSUSUMIKAP NA MAGING "ASIN NG MUNDO"

Ang Kristo ng pakikipag-isa ay hindi dumating upang ibukod ang mga Kristiyano at gumawa ng isang nakabukod na lipunan mula sa kanila; isinusugo niya sila upang paglingkuran ang sangkatauhan bilang mga lebadura ng pagtitiwala at kapayapaan.[19] Hindi isang katapusan sa ganang sarili nito ang isang litaw na pakikipag-isa sa pagitan ng mga Kristiyano ngunit isang palatandaan sa gitna ng sangkatuhan: "Kayo ang asin ng lupa."[20]

Sa pamamagitan ng kanyang krus at muling pagkabuhay itinatag ni Kristo ang isang bagong pakikiisa sa pagitan ng lahat ng tao. Sa kanya ang pagkakapira-piraso ng sangkatauhan sa mga magkakasalungat na pangkat ay nagapi na; sa kanya ang lahat ay bumubuo sa isang pamilya.[21] Ang pakikipagkasundo sa Diyos ay nangangailangan ng pakikipagkasundo sa mga tao.[22]

Ngunit kung mawala ng asin ang kanyang alat... Dapat kilalanin na madalas napalalabo nating mga Kristiyano ang mensaheng ito ni Kristo. Lalo na, paano natin maipagniningning ang kapayapaan kung tayo ay nananatiling hiwa-hiwalay?

Tayo ay nasa dako ng kasaysayan kung kailan kinakailangan nating buhayin muli ang mensaheng ito ng pagmamahal at kapayapaan. Gagawin ba natin ang lahat ng ating makakaya upang sa gayon, nakalaya mula sa mga di-pagkakaintindihan, ito ay magningning sa orihinal nitong kalantayan?

Kaya ba natin, nang walang ipinagpipilitang anuman, na maglakbay kasabay yaong mga hindi nakikibahagi sa ating pananampalataya subalit naghahanap para sa katotohanan ng buo nilang puso?[23]

Sa ating pagtatangkang lumikha ng mga bagong paraan ng pakikiisa at magbukas ng mga daan ng pagtitiwala, mayroon, at palaging magkakaroon, ng mga pagsubok. Minsan sila ay tila ba nakakatabon. Kaya ano na ang dapat nating gawin? Hindi ba't ang tugon natin sa mga personal na pagsubok, at doon sa binabata ng ibang taong, ay ang magmahal nang higit pa?

fr. Alois

### Mga parating na antas ng pilgrimage of trust on earth

Kasama ang isang *international group* ng mga nakatatandang kabataan, pupunta si Brother Alois sa Geneva sa Biyernes, Marso 02, upang dalawin ang *World Council of Churches*.

Ang ikatlong *international young adult meeting* sa Africa ay gaganapin sa Kigali, Rwanda, mula Nobyembre 14-18, 2012.

Ang ika-35 *young adult European meeting* ay mangyayari mula Disyembre 28, 2012 hanggang Enero 2, 2013. Ang lugar ay ipapahayag sa Berlin.

Kasama ang mga Brothers at mga kabataan mula sa iba't-ibang kontinente, magtutungo si Brother Alois sa Istanbul, Enero 4-6, 2013, upang ipagdiwang ang Pista ng Epifania kapiling ang patriarka-ekumenikal ng Constantinople, Bartholomew I, at ang mga Kristiyano ng lungsod na iyon.

Mga mensaheng natanggap para sa meeting sa Berlin: tingnan ang *www.taize.fr*

### Sa 2015: Pagtitipon para sa isang Bagong Pakikiisa

Sa loob ng susunod na tatlo at kalahating taon, ang ating *pilgrimage of trust on earth* ay maghahanap ng mga daan upang gawin ang mga tema ng liham na ito para sa isang bagong pakikiisa.

Isang bagong pakikiisa na makapagtitipon sa lahat ng mga peregrino ng kapayapaan, mga peregrino ng katotohanan, mananampalataya man o hindi mananampalataya.

Tatlo at kalahating taong upang paging-kayanin ang mga kabataan mula sa bawat kontinente na pakilusin ang kanilang mga lakas, na tipunin nang sama-sama ang kanilang mga inaasam, kawatasan at karanasan.

2012: Pagbubukas ng mga landas ng pagtitiwala sa mga tao.
2013: Pag-aalis ng takip sa mga bukal ng pagtitiwala sa Diyos.
2014: Paghahanap sa tanaw na pakikipag-isa sa lahat ng mga nagmamahal kay Kristo.
2015: Maging "asin ng mundo."

At, upang ilagom ang paghahanap na ito at upang magkaroon ng bagong momentum, **sa Agosto 2015:**

Sa Taizé, pagtitipon para sa isang bagong pakikiisa

ang ika-75 anibersaryo ng Taizé Community
ang ika-100 anibersaryo ng kapanganakan ni Brother Roger

**Nang maraming kabataang ang hangga't maaari ay mapakinggan, ang pagtitipong ito ay paghahandaan sa pamamagitan ng mga meeting sa bawat kontinente.**

---

[18] Brother Roger, *Kapayapaan ng Puso sa Lahat ng Bagay (Peace of Heart in All Things)*.

[19] Bagamat ang paglilingkod na ito ay nangangahulugang pagkuha sa salungat na paraan mula sa lahat ng nagmamalupit sa lipunan, ito ay isinasagawa higit sa lahat at palagian sa isang magalang at nakabubuong pakikipag-usap sa iba't-ibang kultura ng mundo at sa bawat makasaysayang kapanahunan. "Hindi pinapakita ng lebadura ang kanyang lakas hanggang ito ay dalhin malapit sa masa, at hindi lang basta malapit, ngunit hinalo sa masa hanggang ito ay hindi na makilala mula roon." (San Juan Crisostomo, *Homiliya 46 kay Mateo*)

[20] Mateo 5:13.

[21] Sinabi ni Hesus: "At kung ako'y maitaas na, ilalapit ko sa akin ang lahat ng tao." (Juan 12:32, MBB). At si apostol Pablo: "Wala nang pagkakaiba ang Judio at ang Griego, ang alipin at ang malaya, ang lalaki at ang babae" (Galacia 3:28).

[22] Tingnan ang Efeso 2:14-18. Winasak ni Kristo ang humahating pader sa pagitan ng bayan ng Diyos at ng iba pa; ang lahat ay may daanan patungo) sa Diyos. Ang pakikiisa ay hindi maaaring itakda sa isang pamilya o bansa; umaabot ito lampas pa sa lahat ng mga lokal at partikular na interes.

[23] Bilang halimbawa sa pamamagitan ng pagbabahaginan tungkol sa mga tanong na tulad ng: Ano ang kahulugan ng aking buhay? Ano ang nagbibigay dito ng direksyon? Anong layunin ang nagbibigkis sa aking pag-iral?